

## **2014 Bagong Taong Sulat Pastoral ni Obispo Paul Otsuka**

### **“Pagpili para sa Mahihirap”**

Paul Otsuka Yoshinao, Obispo ng Kyoto

#### **“Huwag kalimutan ang mahihirap”**

Pagkatapos ng pagbaba sa posisyon ni Benedict XVI ang Conclave ng mga Kardinal ay naghalal kay Kardinal Bergoglio bilang ika-26 na Bikaryo (Vicar) ni Kristo. Kinuha ng bagong Papa bilang kanyang pangalan ang Francisco, isang pangalang malinaw na nagsasabing siya ay may pagtingin sa mga mahihirap. Ang pangalan ito ay nakaantig sa ating sarili mismo. Natural lamang na isipin na ang pangalang ito ay may kaugnayan kay Francisco ng Assisi, na tapat sa pagiging dukha at pagtulong sa mahihirap. At sa panahon ngayon kung saan napakaraming mga sigalot sa mundo atin ding iniu-ugnay si Francisco sa kapayapaan, dahil sa ang kanyang buhay ay tapat sa pagbubunyag ukol sa kapayapaan sa daigdig na ito.

Ipinagkaloob ng Diyos na tayo ay biyayaan ng isang Papa na tulad niya sa panahon natin ngayon. Ang ikalawang Konsilyo ng Vatican sa Saligang Batas ng Simbahan ay nanawagan ng Pagkiling sa mga Mahihirap (Preferential Option for the Poor) sa Simbahan, at sa Saligang Batas sa Makabagong Mundo, hinikayat ng Konsilyo ang Simbahan na maging dukha bilang pagiging saksi sa kanyang pangako na labanan ang kahirapan. Ngayon na ang panahon upang gawin ang ganyang pangako.

Maraming ibig sabihin ang salitang kahirapan. Maaari nating tingnan ang kahirapan bilang kabaligtaran ng kayamanan o kasaganaan. Nguni't maaari din itong tingnan ng iba pang pananaw.. Maaari nating tingnan ang kahirapan bilang kadahupan sa mga materyal na ari-arian, o bilang kababaan ng loob ng isang tao. Maaari natin itongintindihin bilang positibo o negatibo.

Halimbawa, maaari nating isiping negatibo ang kahirapan bilang bagay na dahil hikahos , walang boses, hindi nakikita o walang dignidad ang isang tao.

Nguni't maaari din itong tingnan sa pananaw ng mga malalalim na relihiyoso o relihiyosa, kung saan sa pagtatalaga ng sarili ay tunay na isinasabuhay ang pagiging mabuting balita.

Muli, ang negatibong pagtingin sa karukhaang espiritwal ay nawawalan na ang kahalagahan ng espiritwal na aspeto bagkus nagiging alipin na ng mga materyal na bagay.

At saka, ang positibong pagtingin naman sa karukhaang Espiritwal ay maaaring magturo sa buong pagtitiwala sa Diyos na ang isang tao ay matatanggap ang alinman o lahat ng sitwasyon nang maykapakumbabaan at katahimikan.

Sa taong ito, nais kong kunin ang temang “kahirapang pangmateryal,” at iwan ang temang “karukhaang espiritwal” para sa susunod na taon.

1. Upang masagip ang mga mahihirap tayo dapat ay maging dukha

(In the sense of Poor Character – Mababang pagkataong kahulugan)

Sa Lumang Tipan, ang Diyos ay ipinakikilala bilang Diyos na nakikinig sa “Panaghoy ng mga Dukha,” at sa ibang pang bahagi, ang binibigyan ng diin ay ang Diyos na gumagawa ng katarungan para sa mga naghihikahos at naaapi. Sa Bagong Tipan ang temang ito ay lalo pang isinulong: upang masagip ang mga mahihirap inako ng Diyos ang ating kahirapan. Ipinadala ng Diyos ang kaisa-isa niyang Anak sa daigdig na ito upang harapin ang kahirapan at kahinaan. Ito ang “Saligang ng Pagkiling sa Mahihirap” ng Diyos. Ito ay ipinahayag ni Maria sa kanyang “Magnificat” nung kanyang bigkasin sa Lumang Tipan na nagsasabi na iniangat ng Diyos ang mga mababang-loob. Sa Mapapalad, sinabi ni Hesus: “Pagpalain ang mga mahihirap. Sapagkat sa kanila ang Kaharian ng Langit.” Ito ang pangako ng Diyos sa mahihirap, at ang pangakong ito ay isa ring handog. At ang mahigit pa, ito ay isang “paanyaya” na maaari nating tanggapin o tanggihan.

Tinatawagan ng Papang si Francisco ang Simbahan ng makabagong daigdig na tumugong isa-isa sa paanyayang ito upang matularan natin ang karukhaan ni Kristo at mabuhay para sa mga iniitsa puwera sa pamamagitan ng pakikitungo sa kanila sa patas na antas. Tanggapin natin.

## 2. Pagtingin sa Mahihirap

(Perceptive sense – Pagiging matalas sa pang-unawang kahulugan)

Ang kasalanan ng tao sa makabagong daigdig ay ang hindi pagpansin sa mahihirap. Mahigpit na ikinagalit ni Hesus itong kawalan ng malasakit, tulad ng makikita sa parabola ng Mabuting Samaritano na ang isang pari at isang Levita ay lumihis ng lakad nang makita ang isang biktima sa daan (Luke 10,31), at sa istorya ng isang mayaman na walang pakialam sa kalagayan ni Lazarus na naghihirap sa tapat ng kanyang pintuan. Sa kanyang pakikihalubilo sa mga mahihirap noong kanyang panahon itinuro ni Hesus sa atin na igalang ang mga naghihirap. Binanggit ni Lukas ang sinabi ni Hesus: “Ngunit sawimpalad kayong mayayaman sapagkat tinatamasa na ninyo ang inyong ginhawa! (Lucas 6, 24), at sa Mateo 19, 23, sinabi ni Hesus: “Talagang sinasabi ko sa inyo: Mahirap makapasok ang mayaman sa kaharian ng Langit.” Hindi natin makakalimutan kung gaano pinagalitan ni Hesus ang mga taong tumatamasa ng kayamanan dito sa daigdig. (Lucas 16, 19-31)

Sa buong mundo, ang mga tao ay dumaranas ng gutom, uhaw, sakit, at tahasang pagpapabaya. Ang kabuuan ng mamahayag ay patuloy na nagpapaalala sa atin ng suliranin ng mga refugees. Kahit sa atin mismong mga bayan-bayan, makakatagpo tayo ng mga taong hikahos sa mga pangunahing pangangailangan ng daigdig na ito. Nasanay na tayo nang husto sa kahirapang ating nakikita at ayos lang sa atin itong binabalewala bilang bagay na wala na tayong magagawa. Ang kawalan ng pagkalinga natin sa mga naghihirap ay nagpapakita kung paano tayo nawalan ng pakialam at talagang naging malamig sa mga sawimpalad. Ang nakikita nating paghihirap ay dapat umantig sa ating kunsiyensya, at magtulak sa atin upang magkaroon ng malasakit sa paghihirap ng ating kapwa tao. Dapat nating imulat ang ating mga mata sa paghihirap ng mga taong nasa burak ng lipunan, at makita ang katotohanan ng sira ng ating lipunan. Dapat nating aminin ang ating kawalan ng pagtingin, at sa mapagkumbabang pagsisisi ay magkaroon ng malalim na pagtanaw sa mga mahihirap.

## 3. Ipahayag ang Mabuting Balita sa mga Mahihirap

(In the sense of conscience – Pangkunsiyensiyang kahulugan)

Tinuruan tayo ni Hesus na hindi lamang tingnan ang kahirapan bilang isang kababalaghan na pang-ekonomiya, kundi ang layon ng atingpagsasabuhay ng-ebanghelyo. Sa panahon ni Hesus, ang mga mahihirap ay hindi lamang inaalipusta dahil sa kanilang kakulangang

materyal, kundi dahil sa kanilang relihoyoso at panglipunang paghihirap. Tingnan ninyo ang mga itinakwil (outcasts) at mga inaalipustang tao tulad ng mga kolektor ng buwis na si Zacharias, ang makasalanang si Maria Magdalena, ang mga taong nagdurusa sa aspetong pisikal at panlipunan ng dahil sa sakit na ketong, ang mga paganong babaeng Phoenician, at marami pang iba na mga itinakwil (outcasts) at itinuturing na kasuklam-suklam. (Jaime 1, 9-11; 2, 1-13) At sa 1 Corinto 11, 17-22 na nagpahayag si San Pablo sa kawalang saysay ng pagmamalaki tungkol sa relihiyon, kultura, angkan, at ang iba pang katulad nito, dapat nating alalahanin kung gaano kabahagi ng ego ng mga tao ang mga ito sa panahon noon.

Sa panahon ngayon, maraming dahilan ang kahirapan, na siyang pinanggagalingan ng napakaraming pagdurusa at paghihirap. Ang mga tao ay itinulak sa hindi makataong kalagayan sa buhay, na kulang sa mga kailangang bagay para mabuhay nang ayon sa pamantayan ng buhay upang magkaroon ng pangunahing dignidad, napalayo sa lipunan, at napahiwalay rin kahit sa kanila mismong bayan sa kanilang pagsama sa hanay ng mga refugees (takas) na dumaranas ng hirap sa pangungulila sa kanilang mga pamilya at kaibigan. Hindi pa dito binabanggit ang pagdurusang ispiritwal ng mga tao, na pinilit ng kanilang kahirapan na labis na mapagod at mawalan ng pagtingin sa halaga ng buhay at bumaon sa kawalan ng pag-asa (despair). Ang pinaka dahilan ng kanilang pagkalikha ay nawala sa kanilang huling hinga ng pag-asa. Sa alin mang panahon, ang kahirapan ay karahasan, isang panglipunang karahasan, na madalas na hindi nakikita sa panglabas na anyo ng mga bagay-bagay.

Samakatuwid, dapat ipahayag ng Simbahan sa mga mahihirap at mga minaliit na sila ang inuuna ng Diyos sa layuning pagligtas. Sinabi mismo ni Hesus na Siya ay ipinadala upang magpahayag sa mga mahihirap ng mabuting balita sa pagliligtas. (Isaiah 61, 1; Lucas 7, 22) Sinabi mismo ni Hesus na ang mga signos ng pagdating ng Kaharian (Kingdom) ay ang: “Nakakakita ang mga bulag, nakakalakad ang mga pilay, lumilinis ang mga may ketong, nakakarinig ang mga bingi, nagigising ang mga patay, at may mabuting balitang ipinahahayag sa mga dukha.” (Mateo 11,5; Lucas 7, 22) Sapagkat inuuna ni Hesus ang pag-ebanghelyo sa mga mahihirap dapat nating gawin itong layunin ng ating gawaing pagligtas (salvation), hindi lamang sa salita, kundi sa gawa na siyang magpapatunay ng ating pagmamahal.

#### 4. Ang Maging Mahirap Sapagkat si Hesus ay Mahirap

(In the sense of Christology – Pag-aaral kay Kristong kahulugan)

Upang makiisa sa atin, si Hesus ay nagpakababa. Bagamat si Hesus ay ating Tagapagligtas Siya ay isinilang sa karukhaan, (Lucas 2, 7), nabuhay na mahirap (Mateo 13, 55), nagpahayag ng ebanghelyo na dukha (Mateo 8, 20), at bilang Anak ng Diyos namatay nang mahirap. (Mateo 13, 55) Hangad niyang maging maliit kasama natin na mga “maliliit” (Mateo 23, 20), at hinahangad niya na makiisa sa atin. Minarapat niya na mamuhay na mahirap upang makasama tayo. Siya mismo ay naging mahirap upang tayo ay lumago. Kaya nakapagsabi si San Pablo tungkol sa Kanya, “Bagamat mayaman, nagpakadukha siya para sa inyo upang yumaman kayo sa kanyang karukhaan.” (II Corinto 8. 9)

Ipinagdiinan ito ni San Juan sa pagsasabing, “Ang Salita ay naging Katawan.” (Ang katunayan ng Pagkakatawang Tao). Ngunit sinabi ni San Pablo sa maikling salita na si pinili n Hesus na pumunta sa atin bilang isang alipin sa pamamagitan ng isang mapagkumbabang tao, at ibinigay (emptied) Niya ang buong sarili sa pamamagitan ng pagsunod kahit hanggang inaalay niya ang Kanyang buhay hanggang sa krus. (Filipos 2, 7-8) Mula sa pinakadukhang

kalagayan ng sabsaban hanggang sa pinakahuling pag-aalay sa Kanyang sarili sa pagkamatay sa krus, ang Kanyang pagtalikod sa sarili ay kitang-kita sa lahat ng bahagi ng Kanyang buhay.

Ngunit, ang kahirapan ni Kristo ay kusang loob niyang tinanggap. Kakaiba sa maigting na karukhaan ni San Juan Bautista, makikita natin si Hesus na kumakain, umiinom at nagsasayang kasama ang mga tao. Sinabi ni Hesus na ang mag-alay ng sariling buhay para sa isang kaibigan ay ang pinakatugatog ng kagandahang loob (Juan 15, 13), at kusang-loob Siyang naging modelo ng ganitong “paghihirap” sa pamamagitan ng pag-aalay Niya ng sarili sa krus. Nguni’t hindi siya nagyabang sa anumang paraan sa kanyang pagiging dukha. Ano ang layunin ni Hesus nung magpasya siyang maging mahirap? Ito ay upang ipakita ang Kanyang pagmamahal at ang kanyang gawaing iligtas ang Kanyang kapwa tao. Bilang mga alagad ni Kristo, nararapat lamang nating sumunod sa paraan ng kanyang pagmamahal sa pamamagitan ng pagsasagawa nito na ang batayan sa pagpili ay pangungunahan ng pagkiling sa mahihirap (fundamental option).

## 5. Matagpuan si Kristo sa Mahihirap

(Sacramental sense – Sakramentong kahulugan)

Sa parabola ni Mateo tungkol sa huling paghuhusga sinabi ng Hari sa kanila, “Talagang sinasabi ko sa inyo: anuman ang gawin ninyo sa isa sa mga maliit na ito na mga kapatid ko, sa akin ninyo ginawa.” (Mateo 25, 40) Sa pamamagitan ng mga salitang ito sinigurado niya na tayo ay mabibiyayaan sa pagkakatatagpo natin kay Kristo sa mahihirap na ating tinutulungan. “Halikayo, pinagpala ng aking Ama! Manahin ninyo ang kahariang para sa inyo mula pa sa simula ng daigdig.” (Mateo 25, 34) Dahil ang Huling Hapunan ay pang-una (prelude) sa pagsasalo-salo sa langit makikita natin na ang pakikibahagi sa Katawan ni Kristo ay patikim para sa lipunan sa langit na bumabahagi sa biyaya ng Diyos. Tulad sa Huling Paghuhusga na ang lahat na nakatago ay lalabas, makikita natin na itong mga “maliliit na ito” ay di-maitatagong kasama ni Kristo. Nakita nang lubusan ni San Juan Chrysostom ang kababalaghang ito. Sabi niya, “Gusto ba ninyong sambahin ang katawan ni Kristo? Kung ganoon, huwag ninyong hamakin ang Kanyang pagiging hubad sa Krus. Dahil kung gagawin ninyo yon malilimutan ninyo ang napakaraming hubad sa labas ng Simbahan na naghihirap sa lamig, at bibigyan lang ninyo ng pansin ang Kristong bihis sa pinong seda na nasa loob ng Simbahan.”

Tulad ng si Hesus ay nasa Banal na Sakramento at iba pang sakramento, Siya rin ay nasa gitna ng mga mahihirap. Sayang lang at hindi palaging natatagpuan ng mga mahihirap na ang Kristong ito ay umiiral sa kanila. Sabi ni Blessed Mother Teresa, “Kapag ating nakita ang hugis ni Kristo na nakatago sa mga mahihirap, dapat ay matatanggap natin si Kristo tulad ng pagtanggap natin sa Kanya sa komunyong.” Kung ang Kristiyano ay tunay na nagmamahal kay Kristo matatanggap niya ang Kanyang pag-iral sa mahihirap. Sa pagtanggap kay Kristo na nasa mahihirap tayo ay nagbibigay ng testimonya sa ating pag-ibig kay Hesus.

## 6. Gayahin si Kristo sa pamamagitan ng pagmamahal sa mahihirap

(In the sense of taking action – Pagkilos na kahulugan)

Ang ating kasalukuyang ekonomiyang pambansa ay nakatuon sa tubo at kasaganaan hanggang sa ang isang maliit na grupo ng tao ay may sobrang dami ng kayamanan na ikinasasama ng nakakaraming mahihirap at mga napapabayaang. Sa anumang bagay, hindi dapat nating alisin sa ating paningin ang hindi gustong katotohanang ito. Dapat kaagad abutin ng ating kamay ng kagandahang-loob ang mga taong sawimpalad na nasa kaibuturan ng

kahirapan. Hindi lamang tayo hinihikayat ni Hesus na gawin ito, hinihingi Niya ito. Ang kahirapan ay isang bagay na hindi gusto ng Diyos. Ito ay dapat na malinaw na kilalanin bilang isang demonyo sa ating lipunang walang kaugnayan sa relihiyon. Dapat nating labanan ang kahirapan. Dapat tulungan ng Simbahan ang mahihirap, itaguyod ang katarungan, at tanggalin ang demonyong nasa sistema (systematic evil) sa pamamagitan ng pag-e-ebanghelyo sa lipunan.

Dapat tularan si Kristo ng mga Kristiyano sa pamamagitan ng pagmamahal sa mahihirap. Ibig sabihin nito ay dapat tayong magkaroon ng malaking hakbang upang matulungan ang mahihirap sa pamamagitan ng pagbabalik ng kanilang halaga bilang tao at pagkilala sa kanilang dignidad.

Dito sa Japan, sa panahon ng Kristiyano, malaking diin ang ibinigay sa pagsasabuhay ng pag-ibig sa Diyos. Sa ating panahon, merong kilusan para ma-canonize si “Justo Takayama Ukon” batay sa kanyang masigasig na gawain nung nakalipas na panahon sa pagtulong sa mga nagdurusa tulad ng mga may sakit at mahihirap.

Tulad ng paghihikayat ni Papa Paulo VI sa atin na gawin, dapat tayong mag-ebanghelyo sa buong mundo sa pamamagitan ng pagkakaroon ng buhay na mga integridad, “simpleng pamumuhay, may ispiritu ng pagdarasal, pag-ibig na sumasakop sa lahat, pagiging masunurin, mapagpakumbaba, pagpipinitensiya, at pagsasakripisyo sa sarili.” Sa taong 2011, isang mapanirang lindol at ang tsunaming sumunod, kasama pa ang meltdown ng nuclear plant ang naging dahilan sa pagtawag sa mas malaking pagtitipid sa ating paggamit ng kuryente, at nag-udyok sa isang kilusan para lumayo sa nuclear energy. Ito ang naging panggising na tawag lalo na sa mga Kristiyano na lalo pang seryosohin ang tagubilin ni Kristo na mamuhay ng payak.

## 7. Kaisa ang mga Mahihirap

(Salvific sense – Pagligtas na kahulugan)

Ang pag-e-ebanghelyo, mahigit pa sa pagtuturo, ay dapat ituring na isang tawag at isang saksi upang malaman natin ang pag-iral ng Diyos sa atin. Dapat gawin ito ng mga Kristiyano bilang pagsasabuhay ng kahirapan sa pamamagitan ng buhay na buong-buong nakasalalay sa Diyos. Ipinahahayag ng Simbahan na nagwagi si Hesus sa pagligtas ng buong daigdig sa pamamagitan ng Kanyang sakripisyo sa krus. Ang Krus ay ang kahirapan ng Diyos. Ang Krus ay siyang nagbalik sa kasaganaang ating naiwala. “Dumating naman ako para magkaroon naman sila ng buhay at lubos na magkaroon nito.” (Juan 10, 10) Ang layunin ng Krus ay bigyan tayo ng masaganang buhay. Kaya sabi ni San Pablo, “Alam ninyo ang kagandahang-loob ni Jesucristo na ating Panginoon: Bagamat mayaman, nagpakadukha siya para sa inyo upang yumaman kayo sa kanyang karukhaan.” (II Corinto 8, 9)

Pinili ng Diyos ang kahirapan ng manunubos bilang paraan ng pagbabalik ng orihinal na kalikasan ni Adan na nawala nung siya ay magkasala. “Nasa katayuan siya ng Diyos kaya hindi na niya inambisyong makapantay ang Diyos.” (2 Filo 2, 6) Siya ay naging kabaligtaran ng kung ano ang “dapat na katangian” ng Diyos, ito ay ang pagiging mahirap, may kahinaan, at may katangahan, bilang paraan upang matubos ang nahulog (fallen) na sangkatauhan. Inisip ni San Pablo ang paraang ito ng pag-e-ebanghelyo bilang plano ng Diyos. “Hindi kinilala ng mundo ang karunungan ng Diyos nang magsalita siya ng karunungan kaya minabuti ng Diyos na iligtas ang mga naniniwala sa pamamagitan ng katangahang ipinangangaral namin.” (I Corinto 1, 21) Upang mailigtas ang mga tao, tinanggal ng Diyos ang kanyang kaluwalhatian at pinili ang kahirapan at kahinaan bilang Kanyang “tanggap” ebanghelyo.

Dahil ito ay plano ng Diyos para sa kaligtasan, hindi natin maiaalis ang kahirapan sa mga gawain ng Simbahan sa pag-e-ebanghelyo. Ang mga Kristiyano ay pinili para sa ganitong tangang pag-e-ebanghelyo. “Hindi ba pinili ng Diyos ang mga dukha sa paningin ng tao upang maging mayaman sa pananampalataya at magmana ng kahariang ipinangako niya sa mga nagmamahal sa kanya?” (Jaime 2, 5) Lahat tayo ay lumahok kasama ang lahat sa paghahanap ng maluwalhating buhay sa pamamagitan ng walang takot na pagpili ng kahirapan bilang kusang-loob na pakikiisa sa mga mahihirap.

## 8. Pagpili ng Kahirapan nang mga Saya

(Synthesizing sense – Pagbubuong kahulugan)

Ang Kristiyanong kahirapan ay hindi asceticism. Ang Kristiyanong kahirapan ay hindi nagtuturo sa isang bagay na negatibo. Sa imbes, ang kahirapan ni Kristo ay puno ng saya ng pagtuklas ng kayamanang hindi mapapantayan ang halaga sa mensahe ng ebanghelyo. Ito ang kahulugan ng parabola ng nakatagong kayamanan sa bukid. (Mateo 13, 44) Hindi sinasabi ni Hesus sa atin na humayo at hanapin ang kayamanan pagkatapos nating ipagbili ang ating mga ari-arian, imbes maiiwan natin ang ating mga pag-aari pagkatapos nating matagpuan ang kayamanang walang iba kundi ang Kaharian ng Diyos. Hindi natin mapipili ang daang ito patungo sa kahirapan hanggang hindi pa muna natin natatagpuan ang kaharian ng Diyos. Ang pag-iiwan ng ating materyal na pag-aari ay hindi pambayad para makuha ang Kaharian ng Diyos. Ang kahirapan ay ang resulta ng pagkakatangpo sa Kaharian. Ito ang pang-ebanghelyong kahirapan.

Ang parabola ng perlas na may napalaking halaga (Mateo 13, 45-46) ay nagtataglay ang kaparehong mensahe. Minsang ang isang tao ay makatuklas ng kahagalahan ng Kaharian, ito ay kaagad niyang pinipili at gagawin ang lahat upang ito ay makamit. Minsang ito ay maunawaan ng isang tao, babaguhin niya ang kanyang uri ng pamumuhay. Ang taong nakatuklas sa Kaharian ng Langit ay nagbibigay ng pangunahing pagtingin sa ispiritwal imbes na materyal, sa mga bagay na hindi nakikita kaysa sa nakikita dito sa daigdig, ang mga bagay na walang hanggan kaysa sa bagay na panandalian lamang. Magkaroon tayo ng buhay ng pananampalataya na kahit sa gitna ng pagdurusa pinipili natin nang may kasamang ligaya ang kayamanan ng ebanghelyo na hindi mabibili ng pera.

## 9. Malaya Pagsasabuhay ng Karukhaan

(Critical sense – Mapanuring kahulugan)

Ang kahirapang pang-ebanghelyo na ating pinili para sa Kaharian ay hindi isang uri ng pag-iisip na mahirap unawain (abstract) o isang karisma, bagkus ito ay tungkol sa misteryosong pagkatao ni Hesus, misteryosong pagiging malapit sa pag-iral ni Kristo. Ito ay dahil sa ang Kaharian ng Diyos sa daigdig na ito ay umiiral sa salita at sa pagkatao ni Hesus. Kaya, para sa tao na sumusunod kay Kristo walang Kristo na walang kaakibat na kahirapan, at kung walang Kristo hindi maaaring maging mahirap sa ganitong kahulugan. Sabi ni Pedro kay Hesus, “Iniwan namin ang lahat para sumunod sa iyo!” (Marcos 10, 28) Nguni’t hindi hiningi ni Hesus sa anumang paraan na yakapin ng tao ang kahirapan. Hinihikayat Niya na gawin nila iyon. Binindisyunan ni Hesus ang mga yumakap nang malaya sa kahirapan. Sa pamamagitan ng ganitong pangako, ang Amang na Langit ay nakakaakit ng tao sa Kanya. Tayo na mga disipulo ni Kristo ay nakapagtanto na ang mga bagay-bagay sa daigdig na ito ay may maliit na halaga (Eschatological Motivation). Tanggapin natin nang kusang loob ang apostoliko at prophetic na kahirapan.

Hindi hinihingi ni Kristo ang dramatikong pagpapasya ng lahat ng tao. Sa imbes, naghihintay Siya sa atin na bigyang pansin ang makatotohanang kahirapan. Ang mga Kristiyano, mga relihiyoso, mga mongha, at mga pangkaraniwang tao (lay people) ay dapat na mamili ng kanilang uri ng kahirapan ayon sa kanilang katayuan sa Simbahan at sa kanilang kalagayan sa buhay. Ang pang-ebanghelyong payong ito ay hindi obligasyon kundi isang pagpili. Ito ang batayang panata ng mga relihiyoso sa pagiging mahirap, masunurin at hindi pag-aasawa. Ang mahalaga para sa lahat ay ang “maging para sa mahihirap.” May balanse sa pagitan ng “pagiging mahirap” at ng “para sa mahirap.” Upang hindi mawala ang napakahalagang perlas na siyang Kaharian ng Langit balutin natin ang ating sarili ng ganyang sinag.

## 10. Pagiging Simbahan ng Dukha

(In the sense of Community – Komunidad na kahulugan)

“May iisang diwa ang lahat ng sumasampalataya at inari lahat para sa lahat; ipinagbili nila ang kanilang mga ari-arian at lahat ng meron sila, at pinaghatihatian ang pinagbilhan ayon sa pangangailangan ng bawat isa.” (Gawa 2, 44-45; 4, 32-35) Maaari nating makita ang ispiritu ng kahirapang materyal sa mga Kristiyano ng mga sinaunang komunidad sa kanilang lubos na pagsisikap na magsalo-salo sa kanilang mga pag-aari na dulot ng kanilang pagtulong sa bawat isa. Hinihikayat tayo ni Papa Francisco na magkaroon ng bukas na Simbahan, na ang pagtulong ng Simbahan ay umaabot sa lahat ng taong mahihirap kahit nasa malalayo at mga nakatagong sulok ng daigdig. (Sermon ng Papa sa Pentecost, 2013). Lahat ng Katoliko ay dapat magtutulong at magsuportahan sa ganitong praktikal na gawain upang ang pag-ahon sa kahirapan ay maging pangunahing bagay.

Lahat ng Katoliko ay kasama sa Simbahang ng mga dukha. Ang mga ito ay bahagi ng mga pagsisikap na maisabuhay ang mga payo ni Hesus na tayo ay maging dukha upang makapasok sa Kanyang Kaharian, at tayo ay maging dukha upang ang ating mga pagpapahayag ng ebanghelyo ay maging kapani-paniwala. Maalala natin kung paano hinikayat ni Hesus ang Kanyang mga disipulo na huwag magdala ng anuman sa kanilang misyonerong paglalakbay (Lucas 10, 4) upang sila ay hindi magkaroon ng materyal na balakid sa pagpapahayag ng ebanghelyo. Nararanasan natin ang tuwa na pang-isperitu sa pagiging kasama ni Hesus habang tinututukan natin ang misyon ng pagsama sa mga napag-iwanan (marginalized) sa kanilang paglalakbay tungo sa pananampalataya nang hindi nakasalalay sa mga materyal na ari-arian o sa paggamit ng kapangyarihan, kundi nakasalalay lamang sa biyaya ng Diyos. Upang maging saksi sa ebanghelyo, kailangang palagi tayong mulat na ang biyaya ng Diyos ay lumalampas sa lahat ng “mahahalagang bagay” sa daigdig na ito, tulad ng tinatawag na sentido kumon at isang sistema ng pinahahalagahan na ang pinaka-una ay ang materyal na ari-arian. Itong “bagong pag-e-ebanghelyo” ay tumatawag sa atin na gawing kapani-paniwala ang sistema ng pinahahalagahan ng Kaharian ng Diyos sa pamamagitan ng tapat na pagsasabuhay ng buhay-mahirap na siyang magpapahayag ng mensahe ng ebanghelyo.

## 11. Panalangin sa Banal na Espiritu Para sa Pagmamahal sa Mahihirap

(Pneumatological sense)

Ang pagpili ng buhay-mahirap sa isang Kristiyano ay magtuturo sa tao sa pamamagitan ng bunga na dulot nito. Ang buhay ng isang tao na matapat na ipinagpapatuloy ang kahirapang-pang-ebanghelyo (evangelical poverty) ay maglalabas ng kawalan ng saysay at kawalan ng katarungan ng consumerism at hedonism na nangingibabaw sa ating makabagong lipunan, kasama ang kawalan ng katarungan ng mga taong walang pakialam sa kalagayan ng mga

naghihirap. Ang batayan ng kapangyarihan ng prinsipyo ng kahirapang-pang-ebanghelyo at ang dahilan ng pagsasakatuparan nito sa paglaban sa kahirapan ay nakasalalay sa bunga ng Ispiritu, ang pag-ibig, tuwa, kapayapaan, matiyagang pagtitiis, kagandahang loob, kabutihan, pananampalataya, kahinahunan at pagtitimpi. (Galasya 5, 22-23)

Sinasabi sa atin ng ating Ama sa Langit na lumakad na kasama ang mga mahihirap, na maging para sa mahihirap, at sa pamamagitan ng kahirapan ay makakapag-ebanghelyo ng may pagpapakumbaba at bukas na puso ayon sa matulunging handog ng Ispiritu. “Higit pang mapalad ang nagbibigay kaysa sa tumatanggap” (Gawa 20, 35) na binanggit nga ni San Pablo na salita ni Hesus mismo. Ang “pagbibigay” na ito ay hindi lang simpleng ideyang moral o pag-uutos, kundi siya mismong kapangyarihan ng Ispiritu ng Pag-ibig na humihikayat sa atin at nagbibigay sa atin ng kapangyarihan mula sa loob.

Kapag ang Kristiyano ay naghahanap ng ganitong kahirapang-materyal, ito ay nagiging bahagi ng isang istruktura ng bagong pag-e-ebanghelyo. Ang utos ni Hesus na mahalín ang bawat isa ay lumalampas pa sa mga hangganan ng Lumang Tipan. Hindi sa mas mahigpit ang bagong utos na mahalín ang bawat isa, kundi ito ay sinasamahan ng kaliwanagan ng pananampalataya at ng kapangyarihan ng Banal na Ispiritu na ibinigay sa bawat isa. Ang mga turong moral ng ebanghelyo ay pawang mga patay na liham sa mga nakalimbag na pahina kung ang mga ito ay hindi sasamahan ng biyaya ng Ispiritu. Ang Banal na Ispiritu ay ang Ispiritu ni Kristo. Kaparehong Ispiritu ay nananahan sa atin at humihikayat sa atin na mahalín ang mahihirap tulad ng pagmamahal sa kanila ni Hesus. Kaya magdasal tayo sa Banal na Ispiritu na nawa ay mahalín natin ang mahihirap tulad ng pagmamahal ni Hesus sa kanila.

### **Paglalakad kasama si Papa Francisco**

“Hindi tayo dapat maging ‘Kristiyanong hindi yumuyuko dahil nababalutan ng sobrang inarmerol na damit,’ mga nag-aaral ng Teolohiya na pinag-iisipan ang mga mahirap isiping mga problema ng teolohiya habang tahimik na umiinom ng tsaá’. Ngunit dapat tayo ay maging matapang tulad ng nagkatawang si Hesus mismo na naghanap sa mga mahihirap.’ (On the Vigil of the Pentecost, May 18, 2013) Mula sa araw ng inagurasyon bilang Papa Francisco, ipinilit niya na ang kahirapan ang siyang pundasyon ng Simbahan sa kanyang pagpupunyagi sa pag-e-ebanghelyo. At parang pagpapatunay sa ganyang pagtatalaga, kahit siya ay Papa, ipinagpatuloy niya ang kanyang payak na pamumuhay na akma sa isang Papa na nagpapahayag ng kahirapan, hindi sa salita kundi sa halimbawa.

Sa ispiritu ni Papa Francisco muli nating itayo ang ating mga makabagong komunidad ng mga Kristiyano bilang Simbahan ng dukha at mapagpakumbaba, ng kaisipan ng mga mahihina (weak) sa daigdig na ito (Anawin), ng mga napag-iiwanan (marginalized) sa ating lipunan. Ipinahayag ni Maria sa kanyang Magnificat na iaahon sila ng Makapag-yarihan (Almighty). At bilang pagtulad sa Puso ni Maria, ating ipahayag ang pagdating ng Kaharian sa mga mahihirap, mabuhay ng payak na nakikiisa sa kanila.

### *Nota*

*Ang mga salitang hango sa Bagong Tipan ay kinuha sa Christian Community Bible: Catholic Pastoral Edition, <http://ccbpastoralbible.wordpress.com/online-bible/philippine-version/filipino/>.*